Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-23 NG MARSO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 73-2020

ISANG KAPASIYAHAN MULA SA PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN AT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD, SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD KGG. NOEL G. PINEDA, NA MAGALANG NA HINIHILING NA PANSAMANTALANG IPAGPALIBAN MUNA ANG PAGKAKALTAS NG MGA LOAN PAYMENTS NG GSIS, PAG-IBIG FUND, SSS, KOOPERATIBA, MGA BANGKO AT IBA PANG BAYARIN, SA SAHOD NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG EMPLEYADO SA LUNGSOD NG MALOLOS, UPANG MAKATULONG SA KANI-KANILANG PAMILYA, HABANG NASA ENHANCE COMMUNITY QUARANTINE DAHIL SA BANTA NG CORONAVIRUS DISEASE (COVID-19).

PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. ENRICO C. CAPULE
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT**, ang Coronavirus ay pamilya ng mga *virus* na nagdudulot ng ibat-ibang klase ng sakit, mula sa karaniwang ubo at sipon hanggang sa malubhang impeksyon;

**SAPAGKAT**, noong ika-17 ng Marso taong kasalukuyan, batay sa Presidential Proclamation No. 929 at 922 series of 2020 at batay na rin sa Republic Act 11332 ay idineklara ang Enhanced Community Quarantine sa buong Luzon;

**SAPAGKAT**, naglabas ng mga atas at tagubilin na nakasaad sa Memorandum from the Executive Secretary ng Office of the President patungkol sa mga dapat isagawa at mga gawaing ipinagbabawal sa isasagawang *community quarantine* ng mga lokal na pamahalaan;

**SAPAGKAT**, batay na rin sa memorandum na ito at sa inilabas na Executive Order No. 21 ng Tanggapan ng Punong Lungsod, kung saan ay mahigpit na ipatutupad ang *strict home quarantine;*

**SAPAGKAT**, layunin at adhikain ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay matugunan at masolusyonan ang bawat suliranin at pangangailangan ng bawat mamamayan ng Lungsod, kabilang dito ang kanilang seguridad na may sapat na pagkain ang bawat mamamayan tuwing may di-inaasahang pangyayari o' pandemya gaya ngayon;

**SAPAGKAT**, magsisilbing malaking tulong sa bawat pamilya ng mga empleyado sa Lungsod ng Malolos kung sila ay makakapag-uwi ng sapat na sahod para maipangbili ng makakain sa pang-araw-araw, lalu na't bawat pamilya ngayon ay napapasailalim sa *strict home quarantine;*

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI — KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, itinatadhana ng Seksyon 458 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na tungkulin ng Sangguniang Panlungsod ang pagpapatibay ng mga ordinansa at paggawa ng mga kapasiyahang kinakailangan para sa mabisang pamamahala sa lungsod, kabilang dito ang paggawa ng pamamaraan sa pangangalaga ng kalusugan at buhay ng bawat isang mamamayan nito;

Kung kaya't sa magalang na kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule, na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASYA**, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na magalang na hinihiling sa GSIS, PAG-IBIG FUND, SSS, Kooperatiba, mga Bangko at iba pang bayarin, at iba pang bayarin sa sahod ng mga pampubliko at pribadong empleyado sa Lungsod Ng Malolos, na pansamantalang ipagpaliban muna ang pagkakaltas ng mga loan payments upang makatulong sa kani-kanilang pamilya, habang nasa Enhance Community Quarantine dahil sa banta ng Coronavirus Disease (COVID-19).

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*03232020